# "5th Wave" Measures – Sa Obon/ Bakasyon-

Napagpasyahan : Agosto 6, 2021
COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government

Ang kalagayan ng COVID-19 infection sa buong bansa, nasa gitna tayo ng $5^{th}$ Wave. Sa panahon ng Obon, dumarami ang aktibidad ng mga tao. Hinihiling namin sa inyo na pagsikapan ipatupad nang husto ang "pag-iwas sa mga lugar na mataas ang panganib ng close contact" dahil ito ang panimulang hakbang sa pagkontrol ng COVID.

## 〇Sa mga mamamayan ng Prepektura

Maliban sa pagpatuloy ng mga countermeasures sa pagkontrol ng impeksyon (pagsusuot ng mask, kalinisan ng kamay, mahigpit na pag-iwas sa maraming tao, pamamahala ng pisikal na kondisyon), mangyaring gawin nang lubusan ang mga sumusunod na hakbang.

### 1 Pag-uwi sa bayan

・ Nananawagan para sa **pagpipigil o ipagpaliban** ang pag-uwi ng mga miyembro ng pamilya na naninirahan sa ibang Prepektura, tulad ng mga nagtatrabaho o mga mag-aaral na namumuhay mag-isa. Sa partikular, kung sa palagay mo ay hindi maganda ang iyong pakiramdam, siguraduhing iwasan umuwi kasama ang iyong buong pamilya.

### 2 Business Trip

・ Bilang karagdagan sa **pagbabawas** ng mga business trip na nangangailangan pumunta ng ibang Prepektura, inirerekomenda rin ang paggamit ng virtual meetings o conference. Kung wala nang ibang alternatibo, iwasan ang mataong lugar, pagkain sa labas (dinner) at gawing isang araw lamang (day trip) at gumawa ng masusing hakbang upang maprotektahan ang mga empleyado.

### 3 Travel, Leisure at Eating- out

・ Para sa mga travel at leisure na kailangan pang pumunta ng ibang Prepektura, **pigilin o ipagpaliban** na lamang sa ibang panahon.

※Lubusang **iwasan ang pagpunta o paglabas sa** mga rehiyon na may high infection rate (ang sumusunod ay ang itinalagang lugar pagkatapos ng August 8)

State of Emergency Areas Prepektura ng Saitama, Chiba, Tokyo, Kanagawa, Osaka at Okinawa

Semi-State of Emergency Areas Hokkaido, Prepektura ng Fukushima, Ibaraki, Tochigi, Gunma, Ishikawa, Shizuoka, Aichi, Shiga, Kyoto, Hyogo, Fukuoka at Kumamoto

・ Umiwas sa pag-kain at pag-inom sa mga meetings ng mga taong hindi mo karaniwang nakakasalamuha, tulad ng mga pagtitipon ng mga kamag-anak at alumni associations.

・ Sarado ang mga access na daan patungo sa mga ilog upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon dahil sa barbecue na nakakaakit ng matagalang pag-inom at pagkalasing. Ang mga barbecue facility na mga pampublikong pasilidad ay suspindido rin.

## 〇Sa lahat ng nasa ibang Prepektura

・ Mangyaring **iwasan muna ang pagbisita sa Gifu Prefecture** para sa travel, leisure, at eat-out, kabilang ang mga School Trips, mula sa mga lugar kung saan kumakalat ang impeksyon.